

MAS LIGTAS SA BAHAY NA KAUTUSAN SA PAGKONTROL NG COVID-19

Blueprint ng Estado para sa Mas Ligtas na Ekonomiya – **Banayad na Orange Na Antas (Red Tier)**
PAGLABAS NG BINAGONG KAUTUSAN: **Marso 31, 2021**

Mangyaring basahin ng mabuti ang Kautusang ito. Ang paglabag sa o kabiguang sumunod sa Kautusan ay isang krimen na may kaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o pareho.

(Ca. Health & Safety Code § 120275 et seq; Long Beach Municipal Code § 8.120.030.A at 8.120.00.E.3)

Buod: Ang Kautusang ito ng Long Beach Health Officer (Utos) ay nagbabago at pinapalitan ang mga Naunang Kautusan na Mas Ligtas sa Bahay (Naunang Kautusan) ng Long Beach Health Officer upang makontrol ang pagkalat ng Novel Coronavirus (COVID-19) sa loob ng Lungsod ng Long Beach (Lungsod). Ang Kautusang ito ay nagbabago, nagpapaliwanag, at nagpapatuloy sa ilang mga termino ng Naunang Kautusan upang matiyak ang patuloy na pisikal na pagdistansya at limitado ang tao-sa- tao na pakikipag-ugnayan upang mabawasan ang antas ng pagkalat ng COVID-19. Ang mga pagbabago mula sa nakaraang Kautusan ay **naka-highlight**.

Noong Agosto 28, 2020, and California Department of Public Health (CDHP) ay nagpatupad ng **Blueprint o Plano para sa isang Mas Ligtas na Ekonomiya** (Plano) at mga color-coded na tier o antas na nagpapahiwatig kung aling mga aktibidad, sektor at negosyo ang pinapahintulutan na muling magbukas batay sa mga lokal na antas ng kaso at positibo sa pagsusuri. Mula noong Marso **31**, 2020, ang Los Angeles County, kabilang ang Long Beach, ay nakatalaga sa "Marami (Substantial) – Pulang Antas" (Red Tier) sa ilalim ng Blueprint. Ang Kautusang ito ay nagpapahintulot sa ilang mga sector, negosyo sa **Orange** na Tier o Antas na mag-operate na may pagbabago. Ang Order na ito ay magkakabisa sa Marso **31**, 2021 ng 12:01 ng umaga.

Ang Kautusang ito ay inilabas din upang matiyak na ang mga residente ng Lungsod ay mananatili sa kanilang mga tirahan maliban kung pinahihintulutan sa Kautusang ito, upang limitahan ang malapit na pakikipag-ugnay sa iba sa labas ng kanilang sambahayan sa parehong panloob at panlabas na mga espasyo at upang higit na mabawasan ang peligro ng hawaan ng COVID 19 sa pamayanan. Ang paglilimita sa mga pakikisalamuha sa ibang hindi miyembro ng sambahayan, lalo na sa mga lugar kung saan ang mga tao ay malapit sa isa't isa na walang takip sa mukha o maskara, ay mahalaga sa pagpapabagal ng pagkalat ng COVID-19. Kinakailangan na ang lahat ng mga tao at negosyo sa loob ng Lungsod ay magkaroon ng personal na tungkulin at sundin ang lahat ng mga paghihigpit at pag-iingat sa pagkontrol sa impeksyon na hinihiling ng Pangkalusugang Kautusan.

Ang Kautusang ito ay babaguhin sa hinaharap upang maipakita ang Mga Ehekutibong Utos ng Estado at Mga Utos ng Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado (State Public Health Officer) at patnubay kung saa progresibong itinalaga ang mga sektor, negosyo, establisimiyento, o aktibidad na maaaring muling buksan na may ilang mga pagbabago, batay sa pangangailangang pangkalusugan at pangkaligtasan at sa bilis na idinisenyo upang

maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan, at maaari rin itong magpasara kaagad ng mga tukoy na aktibidad at sektor ng negosyo batay sa pagtaas sa pang-araw-araw na naiulat na mga kaso ng COVID-19, mga pagpapa-ospital, at mga antas ng positibo sa pagsusuri. Kung base sa lokal na sitwasyon ng COVID-19, maaaring maglabas ang Opisyal ng Kalusugan ng mas mahigpit na Utos kaysa sa mga kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado.

Patuloy na susubaybayan ng Opisyal ng Kalusugan ang antas ng pagdami ng COVID-19 na sakit, ang kalubhaan ng mga nagresultang sakit at pagkamatay na sanhi nito, mga rekomendasyon ng CDPH at Centers for Disease Control and Prevention (CDC), at ang epekto ng Kautusang ito. Kung kinakailangan, ang Kautusang ito ay maaaring pahabain, palawakin, o kung hindi man ay baguhin upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko.

Dahil ang Utos na ito ay maaaring magbago dahil sa bagong impormasyon at patnubay, ang lahat ng mga taong napapailalim sa Utos na ito, kasama ang may-ari, manager, o operator ng anumang pasilidad na napapailalim sa Utos na ito, ay kinakailangan na regular na kumunsulta sa website ng Long Beach Department of Health and Human Services (www.longbeach.gov/covid19) upang alamin ang anumang mga pagbabago sa Utos na ito, kasama ang anumang Protokol ng Espesipikong Industriya na inisyu ng Lungsod, at kinakailangang sumunod sa anumang mga update hanggang sa tapusin ang Utos na ito.

**SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG CALIFORNIA HEALTH AND SAFETY
CODE SECTIONS 101040, 101085, AT 120175, INAATASAN NG HEALTH
OFFICER NG LUNGSOD NG LONG BEACH ANG SUMUSUNOD:**

MGA PANGKALAHATANG KAHINGIAN PARA SA INDIBIDWAL

1. Manatili sa Bahay na May Limitadong Pagbubukod. Ang lahat ng mga taong nakatira sa loob ng Lungsod ng Long Beach ay dapat manatili sa kanilang lugar na tinitirahan hangga't maaari. Ang mga indibidwal na hindi kasalukuyang nakatira sa Lungsod ay dapat sumunod sa mga naaangkop na kahingian ng Utos na ito kapag nasa Lungsod.
2. Mga Pagtitipon. Ang mga pagtitipon ng mga indibidwal mula sa iba't ibang mga sambahayan ay nagdudulot ng isang malaking panganib na pagkakahawaan ng COVID-19 dahil kapag naghatitipon ang mga tao mula sa iba't ibang sambahayan, mas tumataas ang panganib ng pagkahawaan ng COVID-19. Lahat ng pampubliko at pribadong pagtitipon ng anumang bilang ng mga tao na nagaganap sa labas ng isang solong sambahayan ay ipinagbabawal sa loob ng Lungsod, maliban sa mga limitadong layunin na malinaw na pinahihintulutan ng Kautusang ito. Wala sa Utos na ito ang nagbabawal sa mga miyembro ng iisang sambahayan na makisali sa Mga Pinahihintulutang Aktibidad na magkasama. Sakaling magkaroon ng salungatan sa pagitan ng subseksyon na ito at isang inisyu ng Lungsod na Protokol na Espesipiko sa Industriya alinsunod sa Kautusang ito, ang mga kinakailangan sa Protokol ang mananaig.

Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang "sambahayan" ay tumutukoy sa isa o higit pang mga tao na naninirahan sa iisang tirahan at hindi kabilang ang mga institutional group na sitwasyon ng pamumuhay tulad ng mga dormitoryo, fraternity, sorority, monasteryo, kumbento, o pasilidad ng pangangalaga sa tirahan, at hindi rin kasama ang komersyal na grupo ng paninirahan tulad ng mga

boarding house, hotel, o motel. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "pagtitipon" ay nangangahulugan ng anumang sitwasyong panlipunan na pinagsasama-sama ang mga tao mula sa iba't ibang mga sambahayan sa parehong oras sa isang solong espasyo o lugar.

Alinsunod sa CDPH na Gabay na inilabas noong Nobyembre 13, 2020 na pinamagatang "CDPH na Gabay para sa Pag-iwas sa COVID-19 Transmission for Gatherings" na maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Guidance-for-the-Prevention-of-COVID-19-Transmission-for-Gatherings-November-2020.aspx>, mga pribadong pagtitipon ng mga tao na hindi bahagi ng isang solong sambahayan ay dapat sumunod sa mga sumusunod na kinakailangan:

a. Pagdalo. (1) Ipinagbabawal ang mga pribadong pagtitipon na kasama ang higit sa 15 katao mula sa higit sa 3 sambahayan. Kasama rito ang lahat ng naroroon, kabilang ang mga host at panauhin. Mas maliit ang bilang ng mga tao, mas mababa ang panganib. (2) Panatilihin ang hanggang sa tatlong mga sambahayan at isang maximum na 15 na mga tao na magkakasamang nakikipag-ugnay na pare-pareho o stable sa paglipas ng panahon. Ang pakikilahok sa maraming pagtitipon na may iba't ibang mga sambahayan at pamayanan ay nagdudulot ng mas mataas na peligro ng pagkakahawaan at pagkalat ng COVID-19 kung ang isa o higit pang mga dumalo ay natuklasan na nahawahan ng virus. Ang pakikilahok sa maraming pagtitipon na may iba't ibang mga sambahayan o grupo ay malakas na pinanghihinaan ng loob. (3) Ang mga tao mula sa mga sambahayan na pipiliin na pribadong magtipon ay dapat mag-usap at magkaroon ng pagsang-ayon sa tiyak na mga patakaran ng pangkat para maibsan ang panganib na mailantad sa mga dadalo sa pribadong pagtitipon bago magtipon. (4) Ang host na sambahayan ng pribadong pagtitipon ay dapat mangolekta ng mga pangalan ng lahat ng mga dadalo at kontak na impormasyon kung sakaling kailanganin ang contact tracing sa kalaunan.

b. Lokasyon. (1) Mahigpit na hinihikayat ang lahat gawin ang mga pribadong pagtitipon sa labas. Ang panloob na mga pagtitipon ay hindi hinihikayat. Hindi tulad ng panloob na mga espasyo, ang hangin sa mga panlabas na espasyo ay makakatulong na mabawasan ang peligro ng pagkalat ng virus mula sa isang tao patungo sa isa pa dahil ang COVID-19 ay maaaring manatili sa hangin sa mga panloob na kapaligiran ng ilang oras, na potensyal na pataas ang konsentrasyon sa paglipas ng oras. Ang mga dumadalo ay maaaring pumasok sa loob upang magamit ang mga banyo basta ang mga banyo ay madalas na nililinis. (2) Kung nagtitipon sa loob ng bahay, dagdagan ang sariwang sirkulasyon ng hangin sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana o pintuan hangga't maaari, lalo na sa mga silid kung saan nagtitipon ang mga tao. (3) Pinapayagan ang mga pribadong pagtitipon sa mga pampublikong parke o iba pang mga pampublikong panlabas na espasyo, kahit na ang mga hindi kaugnay na pagtitipon ng iba pang mga pangkat hanggang sa tatlong sambahayan ay nagaganap din sa parehong parke o iba pang panlabas na espasyo. Kung maraming mga naturang pagtitipon ang nangyayari, hindi pinapayagan ang paghahalo sa pagitan ng mga pagtitipon ng mga pangkat (4) Ang maramihang mga pribadong pagtitipon ng tatlong mga sambahayan at maximum na 15 na mga tao ay hindi puwedeng sama-samang i-

organisa o iugnay upang maganap sa parehong pampublikong parke o iba pang panlabas na espasyo sa parehong oras - ito ay magiging isang pribadong pagtitipon na lampas sa pinahihintulatang laki. (5) Bawal ang pagkakahalu-halo sa pagitan ng hindi magkatulad na mga pribadong pagtitipon sa parehong pampublikong espasyo o ibang panlabas na espasyo. (6) Ang mga taong ganap na nabakunahan mula sa COVID-19 ay maaaring bumisita kasama ang iba pang mga ganap na nabakunahan na mga tao sa loob ng bahay nang walang maskara o pisikal na pagdistansya sa **mga pribadong lugar** lamang. Ang mga taong buong nabakunahan mula sa COVID-19 ay maaari ring bumisita sa mga hindi nabakunahan na mga tao mula sa isang solong sambahayan na may mababang peligro para sa matinding sakit na COVID-19 sa loob ng bahay nang hindi nagsusuot ng maskara o pisikal na pagdistansya pero sa mga pribadong lugar lamang. Ang pagbubukod na ito ay hindi nalalapat sa mga pampublikong lugar, kasama ang, ngunit hindi limitado sa mga pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan o sa mga lugar ng trabaho. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "buong nabakunahan" ay nangangahulugan na ang isang tao ay higit sa 2 linggo kasunod ng pagtanggap ng pangalawang dosis sa isang serye na 2-dosis na bakuna sa COVID-19 O higit pa sa 2 linggo kasunod ng pagtanggap ng isang dosis ng isang solong dosis na bakuna sa COVID-19.

c. Panatilihing Maikli Ito. Ang mga pribadong pagtitipon ay dapat limitado sa 2 oras o mas mababa sa tagal. Kung mas matagal, tataas ang peligro ng pagkakahawaan.

d. Pisikal na Pagdistansya at Kalinisan ng Kamay. (1) Ang lahat ng mga dadalo ay dapat sumunod sa mga Hakbang sa Pisikal na Pagdistansya, kabilang ang, ngunit limitado sa, pagsuot ng isang Pantakip ng Mukha alinsunod sa Utos na ito at pisikal na pagdistansya ng 6 talampakan o higit pa kahit habang nakasuot ng Pantakip ng Mukha. (2) Ang espasyo na gagamitin sa panloob o panlabas na pagtitipon ay dapat sapat na malaki upang ang bawat isa sa pribadong pagtitipon ay maaaring mapanatili ang hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga hindi kasapi ng sambahayan sa lahat ng oras. (3) Ang pagkakaupo ay dapat magbigay ng hindi bababa sa 6 na talampakan ang distansya (sa lahat ng direksyon - harap-sa-likuran at magkatabi) sa pagitan ng magkakaibang mga sambahayan. (4) Dapat may isang lugar o hand sanitizer na magagamit upang maghugas ng kamay para sa mga kalahok. (5) Ang mga ibinahaging bagay ay maaaring hindi puwedeng magamit sa panahon ng isang pribadong pagtitipon. Hangga't maaari, ang anumang pagkain o inumin sa mga panlabas na pagtitipon ay dapat na nasa isang disposable na single-serve na mga lalagyan. Kung hindi posible ang pagbibigay ng mga single-serve na mga lalagyan, ang pagkain at inumin ay dapat ihatid ng isang attende na madalas na naghuhugas o naglilinis ng kanilang mga kamay at nagsusuot ng Pantakip ng Mukha na nakabalot sa kanilang ilong at bibig. Ang mga bagay na self-serve mula sa mga communal na lalagyan ay hindi maaaring gamitin.

e. Pag-awit, Pag-chant, Pagsigaw, Pagpalakpak, at Kaparehong mga Aktibidad. Ang pag-awit, pag-chant, pagsigaw, pagpalakpak, pisikal na paggalaw, at mga katulad na aktibidad na makabuluhang nagpapataas ng peligro ng pagkalat ng COVID-19 sapagkat ang mga aktibidad na ito ay nagdaragdag ng paglabas ng

mga droplet mula sa ginhawa at pinong mga aerosol sa hangin. Dahil dito, ang pag-awit, pag-chant, pagsisigaw, pagsasaya, at mga katulad na aktibidad ay hindi hinihikayat para sa panloob o panlabas, pero kung ito may ay mangyari, ang mga sumusunod na rekisito ay dapat ilapat.

- i. Ang lahat ng mga tao na kumakanta, nag-chachant, sumisigaw, humihyaw, o nakikibahagi sa mga katulad na aktibidad sa labas ay dapat panatilihin ang 6 na talampakan na pisikal na pagdistansya mula sa iba pang mga nagtatanghal at manonood kung sila ay may suot na takip sa mukha, o 12 talampakan ng pisikal na distansya mula sa iba pang mga tagapalabas at manonood kung wala silang suot na pantakip sa mukha.
- ii. Ang lahat ng mga tao na kumakanta, nag-chachant, sumisigaw, humihyaw, o nakikibahagi sa mga katulad na aktibidad sa labas ay dapat panatilihin ang 12 talampakan na pisikal na distansya mula sa iba pang mga nagtatanghal at 24 talampakan ng pisikal na distansya mula sa mga manonood. Ang mga taong umaawit, nagcha-chant, sumisigaw, nagsasaya, o nakikibahagi sa mga katulad na aktibidad sa loob ay dapat magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras.
- iii. Ang mga taong kumakanta o nagcha-chant ay matinding hinihikayat na gawin ito nang tahimik (sa o sa mas mababa sa lakas ng normal na boses na nagsasalita).

f. Instrumental na Musika. Pinapayagan ang instrumental na musika alinsunod sa mga kinakailangan sa subseksyon na ito. Ang instrumental na musika ay makabuluhang nagdaragdag ng panganib ng pagkahaw sa COVID-19 sapagkat ang mga aktibidad na ito ay nagdaragdag ng paglabas ng mga maliliit na patak (respiratory droplet) at pinong aerosol sa hangin. Dahil dito, ang mga aktibidad na ito ay sadyang hindi hinihikayat sa loob at labas, ngunit kung mangyari ito, ang mga sumusunod na kinakailangan ay dapat ilapat:

- i. Pinapayagan ang instrumental na musika sa labas hangga't napapanatili ng mga musikero ang hindi bababa sa 6 na talampakan ang pisikal na distansya mula sa iba pang mga nagtatanghal at manonood kung sila ay may suot na takip sa mukha, o 12 talampakan ang pisikal na distansya mula sa iba pang mga nagtatanghal at manonood kung hindi sila nakasuot ng pantakip sa mukha.
- ii. Pinapayagan ang instrumental na musika sa loob ng bahay basta panatilihin ng mga musikero ang hindi bababa sa 12 na talampakan ang pisikal na distansya mula sa ibang mga nagtatanghal at 24 na talampakan ang pisikal na distansya mula sa mga manonood. Ang mga taong tumutugtog ng instrumental na musika sa loob ng bahay ay kinakailangang magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras.
- iii. Ang mga musikero ay dapat na mula sa isa sa tatlong sambahayan.

Ang pagtugtog ng mga instrumento ng hangin (anumang instrumento na tinutugtog ng bibig, tulad ng isang trumpeta o clarinet) ay hindi hinihikayat, at kung pinatugtog ay dapat gumamit ng proteksyon o mahigpit na habi na mga harang sa tela sa mga kampanilya o sa dulo ng instrumento upang maprotektahan mula sa pagkalat ng mga maliliit na patak. Kung pinatugtog ang musika, inirerekumenda na ang lakas ng tunog ay tahimik sapat na upang ang mga dadalo ay maaaring magsalita sa isang normal na boses nang hindi sumisigaw.

g. Manatili sa Bahay Kapag May Sakit. Ang sinumang may anumang mga sintomas na tulad ng COVID-19 (lagnat, ubo, paghinga, panginginginig, pagpapawis sa gabi, pananakit ng lalamunan, pagduwal, pagsusuka, pagtatae, pagkapagod, pananakit ng kalamnan o katawan, pananakit ng ulo, pagkalito, o pagkawala ng pakiramdam/amoy), dapat manatili sa bahay at hindi makipag-ugnay sa sinumang nasa labas ng kanilang sambahayan.

h. Ano ang Gagawin Kung Ikaw ay Magkasakit ng COVID-19. Ang sinumang magkaroon ng COVID-19 sa loob ng 48 oras pagkatapos na dumalo sa isang pribadong pagtitipon ay dapat magbigay-alam sa Long Beach Department of Health and Services sa 562- 570-INFO at dapat ipagbigay-alam sa iba pang mga dumalo sa lalong madaling panahon tungkol sa potensyal na pagkakatantad.

3. Mga Nakatatandang Adulto at Indibidwal ng Anumang Edad na may Mga Kasalukuyang Karamdaman sa Kalusugan. Ayon sa CDC at CDPH, ang mga nakatatandang adulto at mga indibidwal na may mga medikal na karamdaman ay may mataas na panganib na magkaroon na malalang sakit mula sa COVID-19. Tingnan ang <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/need-extra-precautions/index.html>; tingnan din ang <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/PublicHealthGuidanceSelfIsolationforOlderAdultsandThoseWhoHaveElevatedRisk.aspx>. Ang lahat ng mga taong naninirahan sa loob ng Lungsod na may edad na 65 o mas matanda at lahat ng mga tao ng anumang edad na mayroong kasalukuyang karamdaman sa kalusugan ay mahigpit na hinihimok na manatili sa kanilang mga tirahan, maliban kung kinakailangan upang humingi ng pangangalagang medikal, upang makakuha ng pagkain, o upang makakuha ng iba pang mga kinakailangan. Ang mga tao sa mga kategoryang ito ay dapat umiiwas sa anumang mga pagtitipon. Dapat mag-alok ang mga employer ng telework o iba pang akomodasyon sa mga taong 65 o mas matanda at/o mga taong may kasalukuyang karamdaman sa kalusugan hangga't maaari.
4. Ipinag-uutos na Mga Hakbang sa Pisikal na Pagdistansya para sa Mga Indibidwal sa Labas ng kanilang ng Tirahan. Ang sinumang tao na umaalis sa kanilang tirahan para sa Pinapayagan na Mga Aktibidad na tinukoy sa ibaba ay dapat mahigpit na sumunod sa Mga Hakbang ng Pisikal na Pagdistansya na tinukoy ng Seksyon 21 ng Kautusang ito, na kinabibilangan ng mga sumusunod:
 - a. Pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan ang pisikal na distansya mula sa ibang mga indibidwal, kahit nakasuot ng Pantakip ng

Mukha;

- b. Pakikisali sa mga aktibidad sa labas sa halip na nasa loob ng bahay, hangga't maaari;
- c. Ang paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa dalawampung segundo o gumamit ng hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% na alkohol, nang madalas hangga't maaari;
- d. Ang pagtakip ng ubo o pagbahing (sa manggas, siko, o tisyu, hindi mga kamay);
- e. Regular na paglilinis at pagdidisimpeкта ng mga madalas mahawakan na mga ibabaw;
- f. Iwasan ang pakikipagkamay;
- g. Iwasan ang lahat ng pakikipag-ugnay sa lipunan sa labas ng sambahayan kapag may sakit;
- h. Ang pagsusuot ng Pantakip ng Mukha. Alinsunod sa patnubay sa CDPH na pinamagatang "Gabay para sa Paggamit ng Mga Pantakip ng Mukha" na maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/guidance-for-face-coverings.asp>, ang Kautusang ito ay nag-uutos sa lahat ng tao ng pagsusuot ng Pantakip ng Mukha, na natatakpan ang kanilang ilong at bibig tuwing umaalis sila ng kanilang tirahan maliban sa isa sa mga eksempasyon na nalalapat. Kasama dito ang pagsusuot ng Pantakip ng Mukha kapag nakikipagkalakalan sa isang negosyo. Hangga't maaari, dapat iwasan ng lahat ng mga tao ang pagkain at pag-inom sa mga pampublikong lugar upang maiwasan ang pangangailangan na alisin ang kanilang Pantakip ng Mukha. Ang pagsusuot ng Pantakip ng Mukha ay nagbabawas ng panganib sa pagkalat nito sa iba. Ang mga sumusunod na indibidwal ay namumukod sa mga kahingian ng mga Pantakip ng Mukha:
 - i. Ang mga taong may edad na dalawang taon o pababa, dahil sa peligro na hindi makahinga.
 - ii. Ang mga taong may medikal na karamdaman, karamdaman sa kalusugan ng kaisipan, o kapansanan na pumipigil sa pagsusuot ng Pantakip ng Mukha. Kabilang dito ang mga taong may medikal na karamdaman kung san ang pagsusuot ng Pantakip ng Mukha ay maaaring makahadlang sa paghinga o taong walang malay, walang kakayahan, o kung hindi man ay maaaring hindi magtanggap ng pantakip ng mukha nang walang tulong. Ang mga taong ibinukod mula sa pagsusuot ng pantakip ng mukha dahil sa isang kondisyong medikal na nagtatrabaho sa isang trabaho na kinasasangkutan ng regular na pakikipag-ugnay sa iba ay dapat magsuot ng kapalit na hindi nakakaharang, tulad ng isang face shield (pansangga ng mukha na may drape sa ilalim na gilid, hangga't pinahihintulutan nito ng kanilang kondisyon.
 - iii. Ang mga taong may kapansanan sa pandinig, o pakikipag-usap sa isang taong may kapansanan sa pandinig, kung saan ang kakayahang makita ang bibig ay mahalaga para sa komunikasyon.

- iv. Ang mga tao kung saan ang pagsusuot ng Pantakip ng Mukha ay lilikha ng peligro sa taong may kaugnayan sa kanilang trabaho, tulad ng natukoy ng mga lokal, estado, o pederal na tagapangasiwa o mga alituntunin sa kaligtasan sa lugar ng trabaho.
 - v. Ang mga taong naglalakbay nang nag-iisa o kasama ng mga miyembro ng kanilang sambahayan.
 - vi. Ang mga taong nagtatrabaho sa isang opisina o isang silid na nag-iisa.
 - vii. Ang mga taong kasalukuyang kumakain o umiinom basta napapanatili nila ang distansya na hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa mga taong hindi miyembro ng iisang sambahayan at sila ay hindi kasalukuyang kumakain o umiinom sa isang lugar kung saan ipinagbabawal ang pagkain o pag-inom ng Kautusang ito.
 - viii. Ang mga taong nasa labas at pinapanatili ang hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa iba na kasama ng kanilang sambahayan. Ang mga nasabing tao ay dapat na may takip sa mukha sa lahat ng oras at dapat isuot ito kung nasa loob ng 6 na talampakan ang layo mula sa taga ibang sambahayan.
 - ix. Ang mga taong kumukuha ng serbisyo na kinasasangkutan ng ilong o mukha kung saan ang pansamantalang pag-alis ng pantakip ng mukha ay kinakailangan upang maisagawa ang serbisyo.
 - x. Ang mga manggagawa na kinakailangang magsuot ng proteksyon sa paghinga.
5. Mga Pinahihintulatang Aktibidad. Ang sumusunod na "Pinahihintulatang Aktibidad" ay pinapayagan ng Kautusang ito sa Kalusugan basta lahat ng mga Hakbang ng Pisikal na Pagdistansya ay nasusunod, kabilang ang pagsusuot ng Pantakip ng Mukha sa ibabaw ng bibig at ilong habang ginagawa ang anumang Pinahintulatang Aktibidad:
- a. Ang pagsasagawa ng trabaho para sa, o pag-access sa mga negosyo o serbisyo na pinahihintulatan na mag-operate sa ilalim ng Kautusang ito, kabilang ang pagsasagawa ng mga Minimum Basic Operation para sa mga negosyo na sarado o nag-ooperate nang malayuan);
 - b. Pagbiyahe upang lumahok sa anumang mga aktibidad na pinapahintulatan ng Kautusang ito;
 - c. Pakikisali sa mga aktibidad o o gumagawa ng mga gawain na mahalaga sa kanilang kalusugan at kaligtasan, o sa kalusugan at kaligtasan ng kanilang pamilya o mga miyembro ng sambahayan (kabilang ang mga alagang hayop);
 - d. Pagkuha ng mga kinakailangang serbisyo o suplay para sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya o mga miyembro ng sambahayan, o upang maihatid ang mga serbisyong iyon o mga gamit sa iba;
 - e. Pakikisali sa aktibong panlabas na libangan at ehersisyo (kabilang ang mga aktibidad sa labas kasama ang mga alagang hayop) na mag-isa o kasama ang mga miembro ng solong sambahayan, tulad ng, paglalakad,

pagbibisikleta, hiking, pagtakbo, at kung ano ang pinapayagan ng Kautusang ito;

- f. Pakikisali sa ligal na ipinag-uutos na mga layunin ng gobyerno, tulad ng, pag-access sa serbisyo sa korte, panlipunan, at administratibo serbisyo o pagsunod sa isang utos na pinapatupad ng batas o korte;
 - g. Ang pagdalo sa isang personal na serbisyo sa relihiyon o seremonya ng kultura;
 - h. Pakikilahok sa isang parada na nakabase sa sasakyan. Ang sinumang mga kalahok at host ng parada na nakabase sa sasakyan ay dapat sumunod sa lahat ng mga kahingian ng lokal at Estado sa pagkontrol sa trapiko, at anumang naaangkop na batas ng Estado at local; at.
 - i. Mga Politikal na Rally at mga Protesta na Pagtitipon. Alinsunod sa gabay na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado para sa "Mga Protektadong aktibidad: Maaari ba akong makisali sa mga protesta at rally na pampulitika?" na maaaring matagpuan sa <https://covid19.ca.gov/stay-home-except-for-essential-needs/>, ang mga personal na rally at protesta na pagtitipon ay puwede lamang sa labas basta ang pisikal na distansya ng 6 na talampakan sa pagitan ng mga tao o grupo ng mga tao mula sa iba't ibang mga sambahayan, kabilang ang sinumang unipormadong opisyal na kapayapaan at iba pang mga tauhan sa kaligtasan ng publiko na naroroon, at pinapanatili sa lahat ng oras. Ipinagbabawal ang politikal na protesta at rally sa loob. Ang mga indibidwal na nakikibahagi sa mga politikal na rally at protesta ay dapat sumunod sa lahat ng iba pang Mga Panukala ng Pisikal na Pagdistansya alinsunod sa Seksyon 21. Ang subseksyong ito ay nagbabawal sa anumang pagtitipon o pagpapatakbo ng anumang negosyo o aktibidad na ipinagbabawal ng Kautusang ito.
 - j. Ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay hindi kasama sa Seksyong ito ngunit mariing hinihimok na kumuha ng matutuluyan at sumunod sa Mga Hakbang sa Pisikal na Pagdistansya alinsunod sa Seksyon 21.
6. Mga Empleyado ng Gobyerno. Itinuturing ng Kautusang ito ang mga empleyado ng mga ahensya ng gobyerno na nagtatrabaho sa kurso at saklaw ng kanilang serbisyo sa pampublikong serbisyo bilang Kritikal na Imprastraktura.
- a. Inihayag ng Kautusang ito na ang lahat ng mga empleyado ng gobyerno ay kritikal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan at mga tagatugon ng emerhensya.
 - b. Habang ang lahat ng mga empleyado ng gobyerno ay kritikal, ang mga empleyado na tinawag na maglingkod sa kanilang kapasidad bilang Disaster Service Worker (Manggagawa na Tagapagbigay ng Serbisyo sa Panahon ng Sakuna) ay dapat na magagamit upang maglingkod sa publiko o tumulong sa pagtugon o patuloy na mga pagsusumikap sa operasyon sa panahon ng pampublikong krisis sa kalusugan na ito hanggang sa maximum na pinapayagan sa ilalim ng batas.
 - c. Ang Kautusang ito ay hindi, sa anumang paraan, naghihigpit sa: (a) unang tagasagot sa pag-access sa (mga) lugar na pinangalanan sa Kautusan na ito sa panahon ng isang emergency o (b) lokal, estado o pederal na

opisyal, imbestigator, o mga tauhang medikal o tagapagpatupad ng batas mula pagsasakatuparan ng kanilang mga nasa batas na tungkulin sa (mga) lugar na pinangalanan sa Kautusan na ito.

- d. Inaasahan na susundin ng mga ahensya ng gobyerno ang kautusang ito hanggang sa ganap na maaari, na may limitadong mga pagbubukod kung kinakailangan upang magpatuloy upang mapanatili ang kritikal na mga operasyon ng gobyerno.

MGA PANGKALAHATANG KINAKAILANGAN SA MGA NEGOSYO

7. Mga Pinapayagan na Negosyo at Sektor. Ang mga sektor sa Seksyon na ito ay maaaring gumana kung saan ang isang remote na opsyon (telework) ay hindi maaaring maibigay basta lamang: ang isang Pantakip ng Mukha ay isinusuot alinsunod sa Utos na ito; napapanatili ang pisikal na pagdistansya ng 6 talampakan o higit pa; sinusunod ang lahat ng mga Panukala ng Pisikal na Pagdistansya; at ang mga operasyon ay isinasagawa alinsunod sa Kautusang ito at ng Estado at lokal na gabay, na kinabibilangan ng anumang inisyu na Espesipikong Protokol ng Industriya na inilabas ng Lungsod na kailangan ng Opisyal ng Kalusugan ng Long Beach sa Utos na ito.

- a. Mga Amusement Park at Theme Park. Simula Abril 1, 2021, ang mga amusement park at theme park ay maaaring mag-operate alinsunod sa mga kinakailangan sa subseksyon na ito at anumang gabay na hinihiling ng Estado, na maaaring matagpuan sa <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-amusement-theme-parks--en.pdf>. Ang dami ng tao sa mga amusement park at theme park ay limitado sa 25% ng kabuuang kapasidad ng parke sa parehong panloob at panlabas na operasyon ng parke. Ang panloob na kainan sa mga amusement park at theme park ay limitado sa 25% ng maximum na kapasidad sa loob ng pasilidad at dapat sumunod sa mga kinakailangan para sa mga restawran sa ilalim ng Kautusang ito. Dapat may paghihigpit sa oras ang dami ng tao sa loob alinsunod sa gabay ng Estado. Ang mga pangkat na bumibisita sa parke ay dapat limitahan sa maximum na 10 katao mula sa iba't ibang sambahayan o isang maximum na 15 katao mula sa 3 magkakaibang sambahayan na walang pagkakahalu-halo ng mga pangkat (hal. Ang mga tao ay hindi maaaring magpalitan sa loob o labas ng grupo o pangkat). Dapat magpatupad ang parke ng isang lingguhang programa sa pagsusuri ng manggagawa alinsunod sa gabay ng Estado. Ang pagdalo sa parke ay dapat limitado sa mga nakatira sa Estado lamang na mga bisita. Pinapayagan ang mga benta ng Walk up ticket. Dapat mangolekta ang mga operator ng parke ng kumpletong pangalan at kontak na impormasyon (kabilang ang numero ng telepono) ng bumili ng tiket para sa kinakailangang pagsubaybay sa kontak (contact tracing)

- b. Mga Bar.

- i. Ang mga bar, kabilang ang mga pub at mga katulad na pasilidad, na hindi nagtataglay ng isang permiso sa restawran na inisyu ng Lungsod upang magbigay ng mga sit-down, dine-in bona fide na pagsilbi ng pagkain ay maaaring magsilbi ng alak sa mga customer na nakaupo lamang sa mga mesa sa labas alinsunod sa mga Protokol para sa Mga Bar, na binago paminsan-minsan, na kalakip bilang Apendiks U. Ang mga bar na nagpapatakbo alinsunod sa subseksyon na ito ay hindi kinakailangan na magbenta ng mga bona fide na pagkain sa pagbebenta o serbisyo ng alak upang mag-operate sa labas. Ipinagbabawal ang panloob na operasyon ng mga bar na hindi nagsisilbi ng bona fide na pagkain alinsunod sa Kautusang ito.

- ii. Ang pagbebenta o serbisyo ng pagkain at inumin, kabilang ang alak, ay ipinagbabawal para sa pagkonsumo ng mga customer na hindi nakaupo sa mesa para sa serbisyo. Ipinagbabawal ang pagbebenta o serbisyo ng alak lamang para sa pag-inom onsite at sa mga bar. Ang lahat ng mga customer ay dapat magsuot ng Pantakip sa Mukha sa lahat ng oras habang nasa isang establisiyemento na tumatakbo alinsunod sa subseksyong ito, na maaaring alisin lamang sa oras na pisikal na kumakain o umiinom ang customer.
- c. Kritikal na Imprastraktura. Kritikal na Imprastraktura, kabilang ang mga hindi agarang serbisyong medikal at pangangalaga sa ngipin ay maaaring mag-operate ng personal alinsunod sa anumang naaangkop na inisyu ng Lungsod na Espesipikong Protokol sa Industriya at Pang-industriyang Gabay ng Estado. Mahigpit na hinihikayat ang telework hangga't maaari. Ang mga office worksite para sa Kritikal na Imprastraktura ay mahigpit na hinihikayat, kung posible, para limitahan ang bilang ng mga empleyado sa tanggapan upang magawa ng mga empleyado na madaling mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan ang distansya mula sa isa't isa sa lahat ng mga praktikal na oras. Ang mga office worksite para sa Kritikal na Imprastraktura ay dapat mag-operate alinsunod sa Mga Protokol ng Office Worksite, na binabago paminsan-minsan, na nakalakis bilang Appendix G. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang "office worksite" ay kinabibilangan ng gusali, silid o iba pang lugar kung saan ginagawa ng mga empleyado ng organisasyon ang administratibong trabaho upang suportahan at mapagtanto ang mga bagay at layunin ng isang organisasyon at hindi nalalapat sa mga operasyon sa pagmamamupaktura o pamamahagi.
- d. Mga Pasilidad ng Pangangalaga ng Bata. Ang mga pasilidad sa pangangalaga ng bata ay dapat mag-operate sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, hangga't maaari:
 - i. Ang mga bata ay dapat manatili sa maliliit na grupo hangga't maaari. Mahalagang panatilihin ang parehong mga bata at guro o tauhan sa bawat pangkat at isama ang mga bata mula sa iisang pamilya sa iisang pangkat, hangga't maaari.
 - ii. Ang mga bata hindi dapat paiba-iba mula sa isang grupo/pangkat patungo sa kabila;
 - iii. Kung higit sa isang (1) grupo o pangkat ng mga bata ang inaalagaan sa isang (1) pasilidad, ang bawat grupo o pangkat ay dapat nasa isang magkakahiwalay na silid. Ang mga grupo o pangkat ay hindi dapat ihalo sa isa't isa; at
 - iv. Ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata ay dapat mananatili lamang sa isang pangkat ng mga bata.
 - v. Tumalima sa Mga Protokol para sa mga Programa na Nagbibigay ng Day Care para sa mga Batang Nasa Edad Pumasok sa Paaralan (Protocols for Programs Providing Day Care for School-Aged Children), na binabago paminsan-minsan, na nakalakis bilang Apendiks Z.
 - vi. Anumang iba pang mga kondisyon na hinihiling ng California Department of Social Services na matatagpuan sa https://www.cdss.ca.gov/Portals/9/CCLD/PINs/2020/CCP/PIN_20-06-CCP.pdf

- e. Mga Day Camp. Ang mga day camp ay maaaring mag-operate alinsunod sa Mga Protokol ng Day Camp (Day Camp Protocols), na binabago paminsan-minsan, na nakalakip bilang Apendiks N.
- f. Drive-In-Operations: Ang mga drive-in na operasyon, kabilang ang mga sinehan at restawran, ay maaaring mag-operate sa kondisyon na nakakuha ng anumang permit na inisyu ng Lungsod para sa aktibidad at sumusunod sa anumang gabay na inisyu ng Estado na makikita <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-movie-theaters--en.pdf>. Ang mga drive-in na operasyon ay napapailalim sa mga sumusunod na paghihigpit: (1) ang mga sasakyan ay dapat may pagitan ng hindi bababa sa 6 talampakan; (2) ang pagtitipon sa labas ng mga sasakyan ay ipinagbabawal; (3) ang lahat ng tao ay dapat manatili sa loob ng kanilang sasakyan kung hindi gumagamit ng pasilidad ng banyo o kumukuha ng mga concession o pagkain; (4) ang bawat sasakyan ay maaaring masakyan lamang ng mga miyembro ng parehong sambahayan; (5) ang mga drive-in na operasyon para sa mga restawran ay limitado sa parking na nakatalaga sa restawran at hindi maaaring gamitin ang daanan ng publiko; at (6) bawal ang restawran na magsisilbi ng mga inuming nakalalasing sa mga customer na kumakain sa kanilang mga sasakyan sa isang drive-in na operasyon.
- g. Mga Sentro ng Libangan para sa Pamilya (Family Entertainment Centers). Ang mga sentro ng libangan ng pamilya ay maaaring magbukas sa labas at sa loob alinsunod sa gabay na inisyu ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado na pinamagatang "COVID-19 na Gabay ng Industriya: Sentro ng Libangan para sa Pamilya ("COVID-19 Industry Guidance: Family Entertainment Center" na maaaring matagpuan sa <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-family-entertainment-en.pdf>. Ang kapasidad ng panloob na operasyon sa mga sentro ng libangan ng pamilya ay dapat limitado sa 25% ng maximum na kapasidad. Ang mga panloob na operasyon ay dapat limitado sa natural na malalayo na mga aktibidad, tulad ng mga, indoor bumper car, indoor batting cage, bowling alley, escape rooms, kiddie rides, virtual reality. Ang mga grupo na bumibisita sa isang panloob na sentro ng libangan ng pamilya ay dapat limitado sa sambahayan lamang. Ang mga aktibidad sa labas na pinapahintulutan sa panlabas na sentro ng libangan ng pamilya ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, roller at ice skating na nasa 25% ng kapasidad sa labas, laser tag, paintball, batting cages, miniature golf, at go-cart racing. Ang mga standalone na atraksyon ng libangan na nagpapatakbo nang independyente sa, at matatagpuan sa magkakaiba at magkakahiwalay na lugar mula sa, iba pang mga atraksyon ng libangan ay maaaring mag-operate sa labas lamang (hal. carousel, Ferris wheel, o pagsakay sa tren). Ang anumang operasyon ng sentro ng libangan ng pamilya na hindi malinaw na pinahintulutang mag-operate sa subseksyon na ito ay mananatiling sarado alinsunod sa Seksyon 13 ng Kautusang ito, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga palaruan sa loob. Ang subseksyon na ito ay hindi inilaan upang payagan ang pagpapatakbo ng mga perya, amusement park, theme park o mga katulad na lugar na nag-aalok ng maraming atraksyon na libangan.
- h. Mga Gym at Fitness Pasilidad. Ang mga gym at fitness facility ay maaaring mag-operate sa loob at labas alinsunod sa mga Protokol ng Gym at Fitness Center, na binabago mula sa oras-oras, na nakakabit bilang Appendix M. Ang panloob na dami ng tao sa gym at mga fitness facility ay dapat limitado sa 25% na maximum na kapasidad. Mahigpit na hinihikayat at mga panlabas na operasyon ng mga gym at fitness facility. Ang mga nasa loob at nasa labas na pool, at mga spa at hot tub na nasa labas, ay pinahihintulutang mag-operate alinsunod sa mga Protokol para sa mga Pampublikong Swimming Pool, na binabago paminsan-minsan,

nakalakup bilang Apendiks K. Kailangang magsara ang mga hot tub, sauna, at steam room na nasa labas.

- i. Mga Hair Salon at Barberya. Ang mga hair salon at barberya ay maaaring mag-operate alinsunod sa Mga Protokol ng Hair Salon at Barberya (Hair Salon and Barbershop Protocols), na binabago paminsan-minsan, na nakalakup bilang Apendiks I.

- j. Mga Hotel, Motel, Shared Rental na mga Yunit, at mga katulad na pasilidad ang mga katulad na pasilidad ay maaaring mag-operate para sa lahat ng uri ng biyahe, kabilang ang turismo at indibidwal na pagbiyahe, alinsunod sa Hotels, Lodging, and Short-Term Rental Protocols (Mga Protokol ng Hotel, Lodging, at Short-Term Rental), na binabago paminsan-minsan, na nakalakup bilang Appendix Q. Ang mga establisyemento sa subseksyong ito ay pinagbabawalan na mag-alok ng akomodasyon para sa turismo at paglalakbay para sa kasiyahan. Ang mga short-term rentals ("STRs"), o shared rentals, ay pinahihintulutan alinsunod sa Kautusang ito, at alinsunod din sa anumang Ordinansa o regulasyon na pinagtibay ng Lungsod na namamahala sa pagpapatakbo ng short-term (panandalian) o ibang mga shared rental unit. Ang mga shared rental unit, tulad ng, ngunit hindi limitado sa, mga STR o time-shares ay maaari lamang rentahan sa kondisyon na ang may-ari/host ng yunit, o sinumang may kaugnayan sa may-ari/host ay hindi rin gumagamit o nakatira sa yunit sa anumang oras sa tagal ng panahon ng pananatili/pagrenta; maliban kung ang may-ari/host ay may isang hiwalay na pasukan sa labas at exit at walang mga pasilidad tulad ng isang lugar ng kusina, banyo, o iba pang espasyo ng buhay ang ibinabahagi sa panauhin/nangungupahan sa panahon ng pananatili/pag-upa.

- k. Personal na mga Serbisyo sa Relihiyon at Seremonyang Pangkultura. Alinsunod sa gabay na inisyu Opisyal ng Kalusugan ng Estado na pinamagatang "Gabay ng Industriya sa COVID-19: Mga Lugar ng Pagsamba at Nagbibigay ng Serbisyon Relihiyon at Seremonyang Pangkultura (COVID-19 Industry Guidance: Places of Worship and Providers fo Religious Servics and Cultural Ceremonies" na makikita sa <https://covid19.ca.gov/industry-guidance/> at sa <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-places-of-worship--en.pdf>, ang mga in-person na mga serbisyo sa relihiyon at seremonyang pangkultura, tulad ng mga kasal at libing, ay pinapahintulutan sa loob at sa labas. Ang dami ng tao sa loob sa isang lugar ng pagsamba para sa mga serbisyon panrelihiyon at mga pangkulturang seremonya ay dapat limitado sa 50% ng maximum na kapasidad. Mahigpit na hinihikayat ang mga panlabas na serbisyo at pangkulturang seremonya. Ang mga pagtatanghal na ginagawa sa isang lugar ng pagsamba o seremonya ng kultura ay dapat sumunod sa gabay na ibinigay ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado na pinamagatang "COVID-19 Gabay sa Industriya: Mga Live Event at Pagtatanghal na may Upuan sa Labas" (COVID-19 Industrial Guide: Outdoor Seated Live Event and Performances) na makikita sa <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-live-performances--en.pdf>. Ang mga kasal o libing na nagaganap sa isang establisyemento maliban sa isang lugar ng pagsamba ay dapat sumunod sa protokol para sa nasabing establisyemento na kinakailangan ng Kautusang ito. Ang mga kawani ng opisina sa likod at management ay maaaring mag-operate sa loob at in-person alinsunod sa mga Protokol ng Office Worksite, na binabago paminsan-minsan, nakalakup bilang Apendiks G. Mahigpit na hinihikayat ang telework. Ang subseksyong ito ay nagbabawal ny anumang pagtitipon o operasyon ng anumang negosyo o aktibidad

na ipinagbabawal ng Kautusang ito. Ang mga alternatibong pamamaraan ng pagbibigay ng mga serbisyo (tulad ng sa pamamagitan ng internet, streaming, o telepono) bilang kapalit o dagdag sa in-person na mga serbisyo ay mariing hinihikayat, hangga't maaari.

- i. Mga Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon. Ang mga kolehiyo at unibersidad sa Long Beach ay maaaring magpatuloy sa in-person na pang-akademikong pagtuturo at mga pagtitipon ng estudyante alinsunod sa [Protokol para sa mga Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon](#) at [Protokol para sa COVID-19 na Plano sa Pangangasiwa ng Pagkalantandad para sa mga Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon \(Protocols for Institutes of Higher Education and the Protocol for COVID-19 Exposure Management Plan for Institutes of Higher Education,](#) na binabago paminsan-minsan, na nakalaki bilang Appendixes Y1 at Y2. Ang kapasidad ng panloob na mga panayam at pagtitipon ng mag-aaral ay limitado sa 50% ng maximum na kapasidad o 200 na katao, alinman ang mas kaunti. Ang tagubilin sa akademiko sa pamamagitan ng distance learning ay mahigpit na hinihikayat hangga't maaari. Ang mga seremonya ng gradwasyon at/o pagtatapos ay maaaring maganap alinsunod sa gabay na inisyu ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado noong Marso 26, 2021, at maaaring baguhin, na pinamagatang "Gabay para sa Pag-iwas sa COVID-19 Pagkalat para mga Seremonya ng Gradwasyon/Pagtatapos/Pagtatapos" (Guidance for the Prevention of COVID-19 Transmission for Commencement/Graduation Ceremonies), na maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/COVID19-Graduation-Guidance.aspx>.
Ang impormasyon sa Seksyon na ito batay sa gabay sa CDPH na pinamagatang "Gabay para sa Paggamit ng Mga Pantakip sa Mukha" na inilabas noong Nobyembre 16, 2020 na maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/guidance-for-face-coverings.aspx> at gabay mula sa CDC na pinamagatang "Mga Pagsasaalang-alang sa Pagsusuot ng Maskara" na inilabas noong Disyembre 7, 2020 na maaaring matagpuan sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/cloth-face-cover-guidance.html#evidence-effectiveness>.

16. Mga Hakbang para sa Pisikal na Pagdistansya. Ang "Mga Hakbang para sa Pisikal na Pagdistansya (Physical Distancing Measures)" ay nangangahulugan ng (1) pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan na pisikal na distansya o pagitan mula sa iba pang mga indibidwal, kahit na nakasuot ng Pantakip ng Mukha; (2) pakikilahok sa mga aktibidad sa labas sa halip ng nasa loob; (3) madalas na paghuhugas ng kamay gamit

ang sabon at tubig nang hindi bababa sa dalawampung segundo hangga't maaari o paggamit ng hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alcohol; (4) pagtakip pag umuubo o bumabahing (sa manggas, siko, o tisyu, hindi mga kamay); (5) regular na paglilinis ng mga madalas hawakan na mga ibabaw; (6) iwasan ang pisikal na malapitang uri ng pagbati tulad ng pakikipagkamay, pagyakap at paghalik; (7) iwasan ang lahat ng pisikal na pakikipag-ugnayan sa sa ibang tao kapag may saki; (8) hangga't maaari, iwasan ang pagkain o pag-inom samga publikong lugar; at (9) pagsusuot ng Pantakip ng Mukha alinsunod sa Kautusang ito. Ang impormasyon sa Seksyon na ito ay batay sa CDPH na gabay na pinamagatang "Protektahan ang Iyong Sarili" na matatagpuan sa https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/ncov2019.aspx?utm_source=hs_email&utm_medium=email&hsenc=p2ANqtz-8DduxHifZoNWSK4UcZERuLn9MVuuhSdXliD0DJFQosaBHI2Z_QlFf-czllxtpmBUEM53_P at CDC na gabay na pinamagatang "Paano Protektahan ang Iyong Sarili at ang Iba" na matatagpuan sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/prevention.html>.

MGA LAYUNIN AT RESULTA

17. **Layunin.** Binabago at pinapalitan ang Long Beach Health Officer na Kautusan (Utos) na ito ang lahat ng Mga Mas Ligtas sa Bahay na Utos (Naunang Mga Utos) na inisyu ng Long Beach Health Officer. Binabago, nililina, at pinapatuloy ng Kautusang ito ang ilang mga tuntunin ng Paunang Utos upang matiyak na ang patuloy na pisikal na pagdistansya at pakikipag-ugnay sa tao-sa-tao ay limitado upang mabawasan ang antas ng pagkalat ng COVID-19. Ang Kautusang ito ay patuloy na pansamantalang nagbabawal sa ilang mga negosyo at aktibidad mula sa muling pagpapatuloy at nililimitahan ang mga pagtitipon sa mga indibidwal mula sa ibang mga sambahayan hanggang sa ito ay mas ligtas na gawin. Pinapayagan ng Kautusang ito ang ilang ibang mga negosyo, aktibidad, paglalakbay at mga pagpapatakbo ng gobyerno na maganap alinsunod sa tinukoy na mga paghihigpit sa kalusugan at kaligtasan, mga limitasyon, at kondisyon upang limitahan ang pagkalat ng Novel Coronavirus na Sakit 2019 ("COVID-19"). Ang COVID-19 ay patuloy na nagbibigay ng isang matinding peligro sa mga residente ng ating Lungsod, at kinakailangan ang mga makabuluhang hakbang sa kaligtasan upang maprotektahan laban sa pagdagsa ng mga kaso ng COVID-19, mga malubhang sakit at pagkamatay. Alinsunod dito, ang Kautusang ito ay nangangailangan ng mga hakbang sa pagbabawas ng peligro na maganap sa mga sektor ng Negosyo at mga aktibidad na maaaring mangyari, na tinitiyak ang pagsunod sa mga kinakailangan na pag-iingat habang inaangkop namin ang paraan ng pamumuhay at operasyon sa kabila ng patuloy na banta ngayon ng virus na malamang na magpatuloy sa darating na panahon. Patuloy na susubaybayan ng Opisyal ng Kalusugan ang datos tungkol sa COVID-19 at ang umuunlad na pang-agham na pag-unawa sa mga panganib na ibinibigay ng COVID-19 at maaaring baguhin o bawiin ang Utos na ito batay sa pagsusuri ng datos at kaalaman na iyon.
18. **Hangarin.** Hangarin ng Kautusang ito na patuloy na tiyakin na ang mga residente ng Lungsod ay mananatili sa kanilang mga tirahan hangga't maaari at upang limitahan ang malapit na pakikipag-ugnay kasama ang iba sa labas ng kanilang sambahayan sa parehong panloob at panlabas na mga espasyo. Bagaman pinapayagan ng Kautusang ito ang ilang mga aktibidad at operasyon ng negosyo, ang mga kasanayan sa pisikal na pagdistansya at mahusay na mga gawi sa kalinisan ay nananatiling pinakamabisang kasangkapan na magagamit upang maiwasan ang pagkalat ng virus sa pagitan ng mga tao. Kabilang dito ang lahat ng mga taong maaaring mag-telework o magtrabaho mula sa bahay na patuloy na gawin ito hangga't magagawa sa panahon ng pandemyang ito. Ang Sustained Physical Distancing Measures (Patuloy na mga Hakbang ng Pisikal na Pagdistansya) at ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon ng mga residente ay

magpapatuloy na magpapabagal sa pagkalat ng COVID-19, sa gayon mabawasan ang epekto nito sa paghahatid ng mga kritikal na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Pinapayagan ng Kautusang ito ang isang limitadong bilang ng mga negosyo at aktibidad na magpapatuloy habang ang patuloy na tinatasa ng Opisyal ng Kalusugan ang pagkakahawaan at klinikal na kalubhaan ng COVID-19 at subaybayan ang mga tagapagpahiwatig (indicators) na inilarawan sa Seksyon 23. Ang lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito ay dapat isalin upang maging epektibo ang hangaring ito.

19. Mga Hindi Gaanong Pinaghihigpitan na mga Hakbang. Ang mga utos na nakapaloob sa Utos na ito ay kinakailangan at hindi gaanong pinaghihigpitan ang mga hakbang sa pag-iingat upang makontrol at mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa Lungsod, tulungan mapanatili ang kritikal at limitadong kapasidad ng pangangalaga sa kalusugan sa Lungsod, at ma--save ang buhay ng mga residente ng City Beach.
20. Hinihingi ng Batas ng Estado ang Opisyal ng Kalusugan na Magsagawa ng Mga Kinakailangan na Hakbang Upang Maiwasan ang Pagkalat ng Nakakahawang Sakit. na Kinakailangan upang maiwasan ang Pagkalat ng isang Makakasakit na Sakit. Ang seksyon ng Kalusugan at Kaligtasan ng California na seksyon 120175 ay nangangailangan ng Opisyal ng Pangkalusugan na alam o may dahilan upang maniwala na ang anumang kaso ng isang nakakahawang sakit ay mayroon o kamakailan lamang na umiiral sa loob ng Lungsod upang gumawa ng mga hakbang na maaaring kinakailangan upang maiwasan ang pagkalat ng sakit o paglitaw ng karagdagang mga kaso. Bukod dito, ang seksyon ng Kalusugan at Kaligtasan ng California na seksyon 101040 at 101475 ay nagbibigay sa Opisyal ng Pangkalusugan ng awtoridad na gumawa ng anumang hakbang sa pag-iingat na maaaring kinakailangan upang mapangalagaan at mapanatili ang kalusugan ng publiko mula sa anumang panganib sa kalusugan ng publiko sa panahon ng isang Estado o lokal na emerhensiya na sakop ng kanilang nasasakupan.
21. Patuloy na Malubhang Panganib sa Kalusugan at Kaligtasan Dulot ng COVID-19. Ang Kautusang ito ay batay sa siyentipikong ebidensya at pinakamahasag na kasanayan, tulad ng kilala at magagamit, upang protektahan ang mga miyembro ng publiko mula sa maiwasang peligro ng malubhang sakit at kamatayan na nagreresulta mula sa pagkalat ng COVID-19, pati na rin upang maprotektahan ang sistema ng pangangalaga sa kalusugan mula sa pagdami ng mga kaso sa mga emergency room at ospital nito. Ang hangarin ng Kautusang ito ay upang matiyak na ang pinakamataas na bilang ng mga tao ay mananatili sa kanilang mga tirahan hangga't maaaring gawin upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at mabawasan ang epekto sa paghahatid ng mga kritikal na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga nangangailangan, pati na rin ang pagprotekta ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan mula sa pagdami ng mga kaso sa mga emergency room at ospital. Sinusuportahan ng Kautusan ang mga pagsisikap ng CDC na gumawa ng mas mahigpit at kinakailangan na Mga Hakbang sa Pisikal na Pagdistansya upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa komunidad. Ang Kautusang ito ay inisyu batay sa mga sumusunod na pagpapasya: katibayan ng patuloy na makabuluhang pagkakahawaan ng COVID-19 sa komunidad sa loob ng Lungsod; patuloy na kawalan ng katiyakan tungkol sa antas ng hindi natukoy na pagkakahawaan ng walang sintomas; siyentipikong ebidensya at pinakamahasag na kasanayan patungkol sa pinaka-epektibong pamamaraan upang mapabagal ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit sa pangkalahatan at partikular na ang COVID-19; katibayan na ang edad, kondisyon, at kalusugan ng isang makabuluhang bahagi ng populasyon ng Lungsod ay nalalagay sa peligro para sa malubhang komplikasyon sa kalusugan, kabilang ang pagkamatay, mula sa COVID-19; at karagdagang katibayan na ang iba, kabilang ang mas bata at kung hindi man malusog na mga tao, ay nasa panganib din para sa mga malubhang kalalabasan.

22. Mga Lokal na Kondisyon ng Kalusugan Kaugnay sa COVID-19. Ang kasalukuyang pagkalat ng COVID-19 sa pamayanan ng Lungsod ay nananatiling laganap at patuloy na nagpapakita ng isang malaki at makabuluhang peligro ng pinsala sa kalusugan ng mga residente. Sa kasalukuyan, mayroong bakunang magagamit upang maprotektahan laban sa COVID-19. Gayunpaman, ang paglulunsad ng bakuna ay naging mabagal dahil sa limitadong produksyon, kakayahang magamit, at pamamahagi sa buong Estados Unidos, at iba pang mga variant, kabilang ang katotohanan na walang garantiya na ang mga kasalukuyang bakuna ay magiging epektibo laban sa mga susunod na bersyon ng COVID-19. Dahil sa mga pagkaantala na ito, kinakailangan ang iba pang mga hakbang hanggang sa mabakunahan ang karamihan ng populasyon upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. **Mula noong Marso 30, 2021, mayroong hindi bababa sa 52,164 na mga kaso ng COVID-19 at 909 na namatay ang naiulat sa Lungsod ng Long Beach.** Nananatili ang isang malakas na posibilidad na ang pagtaas ng pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng publiko ay magreresulta sa makabuluhan at pagtaas ng bilang ng mga kaso ng pagkakahawaan sa pamayanan. Ang nagpapalala sa problema ng pagkakahawaan sa komunidad, ay dahil sa ang ilang mga indibidwal na nagkakaroon ng virus na sanhi ng COVID-19 ay walang mga sintomas o may banayad na sintomas, at walang kamalayan na dinadala nila ang virus at ipinapasa ito sa iba. Dagdag dito, ang ebidensya ay nagpapakita na ang virus, minsan, ay makakaligtas ng maraming oras sa mga ibabaw at maaaring hindi direktang mailipat sa pagitan ng mga indibidwal, kahit na hindi ito ang tinuturing na isang pangunahing paraan ng pagkalat kung ihahambing sa mga droplet sa hangin. Dahil ang mga taong walang sintomas ay maaaring makapanghawa ng virus, at dahil ipinapakita ng ebidensya na ang impeksyon ay madaling kumalat, ang pagpipigil, paglilimita at paglalagay ng mga kondisyon sa iba't ibang uri ng mga pagtitipon at iba pang direkta at hindi direktang interpersonal na pakikipag-ugnayan ay nagpatunay na nababawasan ang panganib na mailipat ang virus.
23. Patuloy na Pagsubaybay sa mga Indikasyon ng COVID-19 at Datos Upang Masuri ang Panganib. Alinsunod sa Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado, ang Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod ng Long Beach ay patuloy na susubaybay sa mga panganib ng mga aktibidad at mga negosyo na pinapayagan sa ilalim ng Kautusang ito batay sa mga indikasyon ng COVID-19 at iba pang datos, at maaaring, kung sumusuporta sa mga kondisyon ang paggawa nito, idadagdag sa listahan ng mga negosyo at aktibidad na pinapayagan na may mga pagbabago na pinahintulutan ng Blueprint ng Estado para sa isang Mas Maligtas na Ekonomiya. Susuriin ng Opisyal ng Kalusugan ang mga aktibidad na pinapayagan ng Utos na ito sa isang patuloy na batayan at matutukoy kung ang Kautusang ito ay kailangang baguhin (kabilang, nang walang limitasyon, ang pansamantalang paglimita o pagbabawal) kung ang panganib sa kalusugan ng publiko na nauugnay sa COVID-19 ay tumataas o nababawasan sa hinaharap. Ang Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod ng Long Beach ay sumusubaybay sa ilang mga pangunahing indikasyon ("COVID-19 Indicators") sa loob ng Lungsod. Ang pag-unlad sa ilan sa mga indikasyon ng COVID-19 - partikular ang may kaugnayan sa paggamit ng ospital at kakayaha – ay nagsisilbing naaangkop, sa oras na ito, upang bawasan ang ilang mga paghihigpit na ipinataw ng mga naunang Kautusan. Gayunpaman, ang paglaganap ng virus na nagdudulot ng COVID-19 ay nangangailangan ng patuloy na iba pang mga paghihigpit.

Ipinapakita ng siyentipikong ebidensiyang na sa yugtong ito ng emerhensiya, nananatiling kritikal na magpatuloy na pabagalin ang pagkalat ng virus upang matulungan na (a) protektahan ang madaling mahawaan; (b) pigilan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan mula sa labis na pagkapuno; (c) maiwasan ang pangmatagalang mga kondisyon ng malalang kalusugan, tulad ng cardiovascular, kidney, at pinsala sa paghinga at pagkawala ng mga paa't kamay mula sa pamumuo ng dugo; at (d) maiwasan ang pagkamatay. Ang pagpapatuloy ng Paunang Kautusan ay kinakailangan upang pabagalin

ang pagkalat ng COVID-19 na sakit, panatilihin ang kritikal at limitadong kapasidad ng pangangalaga sa kalusugan sa Lungsod at pagsulong patungo sa isang punto kung saan ang emerhensiya sa kalusugan ng publiko dulot ng pagkahawaan ay maaaring makontrol. Sa parehong panahon, mula nang ipinalabas ang Naunang Kautusan, ang Lungsod ay patuloy na pinapabuti ang pagpapalawak ng kapasidad ng systema sa kalusugan (health system) at mga mapagkukunan sa pangangalaga ng kalusugan at sa pagpapabagal ng pagkalat ng COVID-19 sa pamayanan. Ang mga aktibidad at pagpapatakbo ng negosyo ay pinahihintulutan basta isinasagawa alinsunod sa kinakailangang Hakbang ng Pisikal na Pagdistansya at Pisikal na Pagdistansya na mga Protokol at anumang iba pang mga protocol sa pagkontrol ng impeksyon na iniutos ng Opisyal ng Kalusugan. Patuloy na susubaybayan ng Opisyal ng Kalusugan ang mga Indikasyon ng COVID-19 upang matukoy kung ang pagbabago sa Kautusang ito ay kinakailangan batay sa (1) pag-unlad sa COVID-19 na Indikasyon (Indicator); (2) mga pag-unlad sa mga pamamaraang epidemiological at diagnostic para sa pagsubaybay, pag-diagnose, pagpapagamot, o pagsusuri para sa COVID-19; at (3) siyentipikong pagkakaintindi sa mga dynamics at klinikal na epekto ng COVID-19. Kasama sa mga Indikasyon na iyon, ngunit hindi limitado sa:

- a. Ang dami ng bilang ng mga bagong kaso ng COVID-19, antas ng naoospital, at antas ng pagkamatay.
- b. Ang kapasidad ng mga ospital at sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Lungsod, kasama ang mga acute care bed (mga kama para sa pag-aalaga sa mga malulubha), mga kama ng Intensive Care Unit, at mga ventilator upang magbigay ng pangangalaga para sa mga kasalukuyang COVID-19 na mga pasyente at iba pang mga pasyente, at kapasidad na madagdagan sa pagtaas ng mga kaso ng COVID-19.
- c. Ang supply ng mga personal na kagamitan sa proteksyon (PPE) na magagamit para sa mga kawani ng ospital, kawani ng mga nursing home at iba pang mga nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan at tauhan na nangangailangan ng PPE upang ligtas na tumugon at gamutin ang mga COVID-19 na pasyente at iba pang mga pasyente.
- d. Ang kakayahan at kapasidad sa mabilis at tumpak na pagsusuri sa mga tao upang matukoy kung ang mga indibidwal ay positibo sa COVID-19, lalo na sa mga nasa mahihinang populasyon o sa mga may mataas na panganib na lugar o trabaho, at kilalanin at suriin ang pagkalat.
- e. Ang kakayahang mag-imbetiga ng kaso at contact tracing (pagsubaybay sa kontak) para sa dami ng mga kaso sa hinaharap at mga kaugnay na kontak, pagbubukod o paghihiwalay ng mga kumpirmadong kaso at pag-quarantine ng mga taong nagkaroon ng kontak sa mga kumpirmadong kaso.
- f. Ang virus na nagdudulot ng COVID-19 ay madaling maikalat sa pamamagitan ng tao-sa-tao na pakikipag-ugnayan. Ang panganib ng pagkalat ay nadadagdagan kapag ang mga tao ay malapit sa isa't-isa. Ang lahat ng mga pagtitipon ay nagdaragdag ng isang panganib sa pagkahawaan ng COVID-19 sa pamayanan at sa gayon, ay isang malaking panganib sa kalusugan ng publiko. Sa kawalan ng isang tiyak na pagbabakuna o paggamot para sa COVID-19, mahalaga ang pisikal na pagdistansya upang maiwasan ang sakit na ito. Ang pagpapatindi ng pisikal na pagdistansya, pagpapadami ng mga proteksyon para sa mga manggagawa, at pagbabawal ng mga kaganapan at pagtitipon ay inilaan upang pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Alinsunod dito, upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamayanan, inutos ng Opisyal ng Kalusugan ang pansamantalang pagbabawal sa lahat ng mga kaganapan at pagtitipon, ang patuloy na pagsasara ng ilang mga komersyal na mga ari-arian at negosyo, at ilang mga libangan na lugar na

nagbibigay ng mas mataas na panganib ng pagkalat ng COVID -19 dahil sa matindi at matagal na tao-sa- tao na kontak, at lahat ng mga negosyo na nagpapatakbo ng personal sa ilalim ng Kautusang ito ay dapat maghanda, magpaskil, at magpatupad ng Pisikal na Pagdistansya na mga Protokol o mga Protokol na Espesipiko sa Industriya na inisyu ng Lungsod, bilang kailangan, sa bawat isa sa mga pasilidad kung saan nila pinapanatili ang mga operasyon.

24. Mga Pamantayan sa Panganib para sa Mga Karagdagang Negosyo at Karagdagang Mga Aktibidad sa Ilalim ng Bahaging (Phased) Pagbubukas. Kaugnay sa mga indikasyon ng kalusugan at iba pang datos sa kalusugan ng publiko na tinalakay sa itaas, isasaalang-alang ng Opisyal ng Kalusugan ang peligro ng pagkakahawaan sa Mga Negosyo o mga aktibidad sa pagtukoy kung kailan at paano sila maaaring ligtas na maipagpatuloy, o kung dapat silang manatili o utusan na pansamantalang isara. Ang mga sumusunod na pamantayan sa peligro ay magpapabatid sa pag-analisa nito:

- a. Kakayahang baguhin ang pag-uugali upang mabawasan ang peligro — kahit ang mga indibidwal na nakikibahagi sa negosyo o iba pang aktibidad ay maaaring magsuot ng Mga Pantakip sa Mukha sa lahat ng oras, panatilihin ang hindi bababa sa 6 na talampakan ng pisikal na pagdistansya sa lahat ng oras, at sumunod sa iba pang Mga Kinakailangan sa Pisikal na Pagdistansya, kabilang ang paghuhugas ng kamay at kalinisan;
- b. Pag-iwas sa mga mapanganib na aktibidad – maging ang negosyo o aktibidad ay kinakailangan nakahalang pagkain o pag-inom (na nangangailangan ng pag-alis ng Pantakip ng Mukha); mga pagtitipon sa iba pang mga sambahayan (na nagpapakita ng mga panganib tulad ng inilarawan sa subseksyon d sa ibaba); o pagkanta, pag-awit, pagsisigaw, o pagtugtog ng mga instrumento ng hangin/tanso (na lahat ay mayroong malaking panganib na kumalat sa hangin);
- c. Lugar — Ang mga negosyo sa labas at aktibidad ay mas ligtas kaysa sa mga panloob na negosyo o aktibidad, kaya't mas maigi sa labas;
- d. Pagkakahalu-halo ng mga Sambahayan-Ang pagkakahalu-halo ng mga tao mula sa iba't ibang mga sambahayan ay nagpapakita ng mas mataas na peligro ng pagkahawaan ng virus at pagkalat sa pamayanan, at kapag mas maraming magkakaibang mga sambahayan ang naghalo, mas malaki ang pinagsama-samang panganib;
- e. Bilang, dalas, tagal at distansya ng mga kontak — Mas maraming tao na nakikipag-ugnayan, mas mataas ang peligro ng pagkahawaan ng virus; at kapag mas maraming mga tao ang nagtitipon sa isang site, o mas maraming mga site ang kasangkot sa negosyo, ang mga posibleng pakikipag-ugnayan ay nagpapataas nang mabilis (bilang ng mga pakikipag-ugnayan). Kapag mas madalas na nakikipag-ugnayan ang mga tao, mas mataas ang peligro ng pagkakahawaan ng virus (dalas ng mga kontak). Kung mas mahaba ang tagal ng mga pakikipag-ugnayan, mas mataas ang peligro ng pagkahawaa ng virus (tagal ng mga pakipag-ugnayan). Kung mas malapit ang mga tao, mas mataas ang peligro ng pagkakahawaan ng virus (distansya ng mga pakikipag-ugnayan); at
- f. Potensyal na pagbabago - ang antas kung saan ang pinakamahasag na kasanayan sa mga protokol sa kalusugan ay maaaring mabawasan ang peligro ng pagkakahawaan, kung saan maaaring ipatupad nang maayos ang mga protokol na iyon.

25. Pag-iisa ng Estado at Lokal na Mga Proklamasyon sa Emerhensiya. Ang Kautusang ito ay inisyu alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng sanggunian, Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang Pang-estado na Emerhensiya na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, ang Marso 12, 2020 na Ehekutibong Kautusan (Executive Order N-25-20) na inisyu ni Gobernador Gavin Newsom, at ang Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya ng City Manager, at ang Deklarasyon ng Opisyal ng Kalusugan tungkol sa Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan, na pinagtibay ng Konseho ng Lungsod noong Marso 10, 2020, ayon sa pagkakasunod, ng Marso 6, 2020 na Pahayag ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Tungkol sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) na inisyu ng Opisyal ng Kalusugan, at gabay na inisyu ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng California, dahil ang bawat isa sa kanila ay maaaring nadagdaganat maaaring madagdagan.
26. Pagsasama ng Mga Kautusan sa Kalusugan ng Estado. Ang Kautusang ito ay inisyu din ayon sa Marso 19, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado (ang "Kautusan ng State Shelter"), na nagtatakda ng mga baseline na paghihigpit sa buong estado sa mga hindi residensyal na aktibidad ng Negosyo (non-residential Business activities) na nagging epektibo hanggang sa karagdagan paunawa, ang Marso 19, 2020 na Ehekutibong Kautusan N-33-20 na nagdidirekta sa mga residente ng California na sundin ang Kautusan ng State Shelter at ang Hulyo 13, 2020, Agosto 28, 2020, at Nobyembre 19, 2020 na mga Kautusan ng Pamublikong Opisyal na Kalusugan ng Estado. Ang Mayo 4, 2020 na Ehekutibong Kautusan na inisyu ni Gobernador Newsom at Mayo 7, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay nagpapahintulot sa ilang mga negosyo na mabuksan kung naniniwala ang isang lokal na opisyal ng kalusugan na ang mga kondisyon sa nasasakupang hurisdiksyon ay nangangailangan nito, ngunit malinaw na kinikilala ang awtoridad ng mga lokal na opisyal ng kalusugan na magtalaga at magpatupad ng mga hakbang para sa kalusugan ng publiko sa loob ng kani-kanilang mga nasasakupan na mas mahigpit kaysa sa mga ipinatupad ng Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado. Noong Nobyembre 16, 2020 ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Estado ay naglabas ng na-update na gabay para sa paggamit ng Mga Pantakip ng Mukha, na hinihiling sa lahat ng mga tao sa Estado na magsuot ng Mga Pantakip ng Mukha kapag nasa labas ng bahay, na napapailalim sa mga limitadong pagbubukod.
27. Obligasyon na Sundin ang Mas Mahigpit na Mga Kahingian ng mga Kautusan. Ang Kautusan na ito ay naglalapat ng ilang mga paghihigpit sa kalusugan at kaligtasan na mas mahigpit kaysa sa mga nakapaloob sa State Shelter na Utos. Kapag walang sinadyang hanay ng mga paghihigpit na karagdagan nagbabawas ng bilang ng mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao, ipinapahiwatig ng siyentipikong ebidensya na ang krisis sa kalusugan ng publiko sa Lungsod ay lalala hanggang sa puntong maaaring mapuno ang mga magagamit na mapagkukunan ng pangangalaga ng kalusugan sa loob ng Los Angeles County, kabilang ang Lungsod ng Long Beach, at tumaas ang antas ng pagkamatay. Kung may salungatan sa pagitan ng Utos na ito at ng anumang kautusan sa kalusugan ng estado na nauugnay sa pandemya ng COVID- 19, ang pinakahigpit na probisyon (ibig sabihin, ang nagbibigay ng mas protektadong kalusugan ng publiko) ang magkokontrol. Alinsunod sa Batas ng Kalusugan at Kaligtasan ng California seksyon 131080 at Gabay ng Opisyal ng Kalusugan sa Pagsasanay para sa Pagkontrol ng Sakit na Nakakahawa sa California, maliban kung saan maaaring maglabas ng Kautusan ang Opisyal ng Kalusugan ng Estado ng isang utos na malinaw na nakadirekta sa Kautusan na ito at batay sa isang pag-aaral na ang isang probisyon ng Utos na ito ay bumubuo ng banta sa kalusugan ng publiko, anumang mas mahigpit na hakbang sa Kautusan na ito ay patuloy na nalalapat at magkokontrol sa Lungsod. Gayundin, ang anumang pederal na alituntunin sa mga aktibidad na hindi pinapayagan ng Kautusan na ito, kinokontrol ng Kautusang ito at ang mga aktibidad na iyon na hindi pinapayagan.

28. Karagdagang Mga Kahingian para sa Mga Lisensyadong Cannabis na Dispensaryo. Ang mga Lisensyadong Cannabis Dispensaryo na naaprubahan ng Lungsod upang maghatid ng cannabis ay maaaring magbigay ng curbside pickup na serbisyo sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:
 - a. Ang mga customer ay dapat magsumite ng patunay ng isang wastong pagkakakilanlan na inisyu ng gobyerno bago ang curbside pickup.
 - b. Sa pag-pickup, dapat beripikahin ng Dispensaryo na ang pagkakakilanlan ng mga customer ay ang parehong tao na nag-order sa pagpickup sa curbside sa pamamagitan ng isang wastong pagkakakilanlan na inisyu ng gobyerno.
 - c. Ang mga produkto ay dapat na maihatid sa mga kostumer sa isang malabong pambalot.
 - d. Ang mga unipormado at lisensyado na tauhan ng seguridad ay dapat na naroroon sa lahat ng mga transaksyon sa curbside pickup.
 - e. Sinusunod ang lahat ng iba pang mga batas at regulasyon sa lokal at Estado.
 - f. Ang City Manager ay awtorisado na mag-isyu ng makatuwirang mga patakaran at panuntunan upang mas higpitan ang mga aktibidad sa curbside pickup na pinapayagan ng Seksyon na ito upang mapangalagaan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga residente ng Long Beach at publiko.
29. Walang Waiver ng mga Regulasyon ng Department of Alcoholic Beverage Control. Hindi binabawi, sinususpende o binabago ng kautusang ito ang anumang mga regulasyon na ipinahayag ng Estado, kasama na ang mga nasa ilalim ng awtoridad ng Department of Alcoholic Beverage Control; hindi rin sinususpende o pinapalitan ang umiiral na mga pagbabawal laban sa pag-inom sa publiko at mga katulad na regulasyon na nauukol sa pagkonsumo ng publiko at pag-aari ng alak. Ang mga inuming nakalalasing na ibinebenta sa ilalim ng Kautusang ito ay dapat ibenta sa mga lalagyan na ganap na selyadong sa isang paraan na idinisenyo upang maiwasan ang pagkonsumo nang hindi pagtanggap ng takip.
30. Kinakailangan sa Pag-operate Alinsunod sa Lokal na Mga Lisensya at Mga Permit. Lahat Ang lahat ng mga negosyong pinahihintulutan na mag-operate alinsunod sa Kautusang ito ay dapat mapatakbo alinsunod sa lahat ng mga kasalukuyang lokal na lisensya o permit, kabilang ang mga lisensya sa negosyo, mga permit sa kalusugan, at iba pa.
31. Cal. Const., art. I, § 25. Ang Kautusan na ito ay hindi, sa anumang paraan, nagbabawal sa pangingisda mula sa pampang, alinsunod sa Cal. Const., art. I, § 25, at hindi rin ipinagbabawal ang isang indibidwal na maglakad sa buhangin na pumasok sa karagatan upang magpaandar ng isang bangka, kayak, at iba
32. Awtoridad ng Manager ng Lungsod na Mapadali ang Mga Panlabas na Aktibidad sa Negosyo. Ang ng City Manager o naaangkop na itinalaga ay dapat bumuo ng mga nakasulat na mga protokol upang mapadali ang iba't ibang mga aktibidad sa negosyo sa labas alinsunod sa mga alituntunin sa kalusugan ng Lungsod at Estado at Mga Kautusan sa Kalusugan at pagsunod sa lahat ng iba pang naaangkop na mga batas sa Estado at Pederal tulad ng mga Americans with Disabilities Act, na may diin sa pagbuo ng mga protokol na nagpoprotekta sa kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng komunidad. Ang anumang pag-iisyu ng isang permit upang mag-operate sa isang panlabas na espasyo ay pansamantala dahil sa pandemya ng COVID-19 at hindi lumikha ng isang ibinigay na karapatan sa lugar sa anumang parke, pampublikong right of way, o anumang iba pang pag-aari na ginagamit upang mapadali ang mga panlabas na operasyon ng negosyo na


nararapat dahil sa pandemya ng COVID-19.

33. Mga Kopya ng Kautusan. Ang Lungsod ay dapat magbigay agad ng mga kopya ng Kautusan na ito sa pamamagitan ng: (a) pagpaskil nito sa website sa (<http://www.longbeach.gov/health/>), (b) pagpaskil nito sa Civic Center na matatagpuan sa 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802, (c) pagbibigay nito sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya, (d) pag-isyu ng isang pahayag para sa press upang maipahayag ang Kautusan sa buong Lungsod, at (e) sa pamamagitan ng paghahatid sa pamamagitan ng email sa mga malalaking pasilidad na kilala ng Opisyal ng Kalusugan na malamang maaapektuhan ng Kautusan na ito (ngunit ang serbisyo sa pamamagitan ng koreo ay hindi kinakailangan para sa pagsunod). Ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na malamang maaapektuhan ng Kautusan na ito ay mariing hinihikayat na magpaskil ng isang kopya sa lugar ng Kautusang ito at magbigay ng isang kopya sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya.
 - g. Ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na malamang maaapektuhan ng Kautusang ito ay mariing hinihikayat na mag-post ng isang kopya ng onsite na Kautusang ito at magbigay ng isang kopya sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya.
 - h. Dahil maaaring magbago ang gabay, ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na sumasailalim sa Kautusang ito ay inatasan na kumonsulta sa website ng Long Beach Department of Health and Human Services (<http://www.longbeach.gov/health/>) araw-araw upang matukoy ang anumang mga pagbabago sa Kautusan at kinakailangan na sumunod sa anumang mga pag-update hanggang matapos ang Kautusan.
34. Pagtatapos. Kung ang anumang seksyon, subseksyon, pangungusap, sugnay, parirala, o salita ng Kautusan na ito o anumang aplikasyon nito sa sinumang tao, istraktura, pagtitipon, o pangyayari ay hindi balido o hindi ayon sa konstitusyon sa pamamagitan ng isang desisyon ng isang korte na may karapatang hurisdiksyon, sa gayon ang naturang pagpapasya ay hindi makakaapekto sa bisa ng natitirang bahagi o aplikasyon ng Kautusang ito.
35. Pagpapatupad.
 - a. Sa pakikipagkonsulta sa City Attorney ng Lungsod at alinsunod sa Kabanata 8.120 ng Long Beach Municipal Code, pinahihintulutan ang Lungsod na ihinto ang serbisyo ng munisipalidad sa anumang negosyo na nag-ooperate na lumalabag sa Kautusang ito, kung naaangkop.
 - b. Ang mga entidad na sumasailalim sa Kautusang ito na hindi kinakailangang isara ay maaaring manatiling bukas para sa negosyo at magsagawa ng mga mahahalagang tungkulin at operasyon sa buong tagal ng Kautusang ito sa ilalim ng kondisyon na ang mga entidad ay dapat sumunod sa Kautusang ito ng kahit anumang kautusan na pinalabas ng estado para sa publiko na nauugnay sa COVID -19 na pandemya. Ang mga entidad na pinahihintulutang manatiling bukas para sa mga negosyo na hindi sumusunod sa Kautusang ito ay maaaring sumailalim sa ipinag-uutos na pagsasara hanggang sa tagal ng Kautusang ito, kasama ang anumang pagbabago o ekstensyon nito. Ang Seksyon na ito ay hindi mailalapat sa Long Beach Airport, o anumang negosyo na kinilala bilang kritikal na pederal na imprastraktura doon.
 - c. Ang kabiguang sumunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay

bumubuo ng isang papalapit na banta at panganib sa kalusugan ng publiko, bumubuo ng isang istorbo sa publiko, at mapaparusan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. Upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko, ang Health Officer ng Lungsod ng Long Beach ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon para sa kabiguang pagsunod sa Kautusang ito. Ang paglabag sa Kautusang ito ay isang misdemeanor na may kaparusahan sa pamamagitan ng pagkabilanggo, multa o pareho sa ilalim ng California Health and Safety Code Seksyon 120275 et seq at Kabanata 1.32 at 8.120 ng Long Beach Municipal Code.

- d. Alinsunod sa Long Beach City Charter Seksyon 109, Seksyon 8634 at 41601 ng California Government Code; Mga seksyon 101040, 101475 at 120175 ng California Health and Safety Code; at mga Kabanata 8.08, 8.26 at 8.120 ng Long Beach Municipal Code, ang mga Kautusang ito at Direktibo na tulad ng inisyu ng Health Officer ay maipapatupad ng Hepe ng Pulis ng Lungsod ng Long Beach upang matiyak na ang pagsunod at pagpapatupad ng Kautusang ito at ang mga Direktibo na itinakda dito.
 - e. Bilang karagdagan, at dagdag sa mga kriminal na parusa na nakasaad dito, ang mga Kautusang ito at Direktibo na inisyu ng Opisyal ng Kalusugan ay maaaring ipatupad ng City Manager ng Lungsod ng Long Beach. Para sa tagal ng idineklarang emerhensiya sa kalusugan, pinahihintulutan ang City Manager na magtalaga at magpahintulot ng mga nararapat na empleyado ng Lungsod na mag-isyu ng Mga Administratibong Sitasyon at magpatong ng mga sibil na multa at kaparusahan sa mga indibidwal, negosyo, at iba pa na lumalabag sa mga Kautusan at Direktiba na nakapaloob dito alinsunod sa mga probisyon ng Kabanata 9.65 ng Long Beach Municipal Code
36. Petsa ng Pagiging Epektibo. Ang Kautusang ito ay magiging epektibo sa 12:01 ng umaga sa Marso 31, 2021 at magpapatuloy hanggang sa ito ay pinalawak, pinawalang-bisa, pinalitan o binago sa pamamagitan ng sulat ng Health Officer.

ITO AY IPINAG-UTOS:



Anissa Davis, MD, DrPH,
Opisyal ng Kalusugan, Lungsod ng Long Beach
Petsa: Marso 31, 2021

PAGPOPROKLAMA NG MGA REGULASYON SA EMERGENCY

Bilang Direktor ng Civil Defense para sa Lungsod ng Long Beach alinsunod sa Long Beach Municipal Code ("LBMC") na seksyon 2.69.060.A, at alinsunod sa mga probisyon ng LBMC Kabanata 8.120, awtorisado akong magproklama ng mga regulasyon para sa proteksyon ng buhay at ari-arian bilang apektado ng COVID-19 emergency alinsunod sa seksyon ng Government Code 8634, at mga seksyon ng LBMC 2.69.070.A at 8.120.020. Ang mga sumusunod ay magkakabisa para sa tagal

ng Long Beach Health Order, SAFER AT HOME ORDER PARA SA KONTROL NG COVID-19 (MAS LIGTAS SA TAHANAN NA KAUTUSAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID NG COVID-19), na inisyu sa itaas, na isinama sa kabuuan nito sa pamamagitan ng pagsangguni:

Ang Kautusan ng Long Beach Health Officer SAFER AT HOME ORDER PARA SA KONTROL NG COVID-19, ay ipoproklama bilang isang regulasyon para sa proteksyon ng buhay at ari-arian.

Ang sinumang tao na, pagkatapos ng paunawa o abiso, alam at sadyang lumalabag o tumatanggi o nagpapabaya na sumunod sa nabanggit na legal na inisyong Health Order (Kautusan sa Kalusugan) ay magkakasala ng misdemeanor na may parusahan ng multa na hindi lalampas sa isang libong dolyar (\$1,000), sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa loob ng isang panahon hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o sa kapwa ng naturang multa at pagkabilanggo. (Mga seksyon ng Long Beach Municipal Code 8.120.030.A at 8.120.030.E.3.)

ITO AY IPINAG-UTOS:



Thomas B. Modica
City Manager, Lungsod ng Long Beach
Petsa: Marso 31, 2021

Appendices sa Isang Sulyap

[Appendix A – Mga Protokol sa Pagdistansya \(Physical Distancing Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix B – Mga Protokol ng Personal na Pamimili sa Retail \(Retail In-Person Shopping Protocols\)](#)

[Binago 3/31/21]

[Appendix C - Mga Protokol para sa Maliliit na Serbisyong Pandagat \(Small Charter Services](#)

[Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix D – Mga Protokol ng Serbisyo sa Pag-upa ng mga Panlabas na Kasangkapan \(Outdoor](#)

[Equipment Rental Services Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix E – Mga Protokol sa Tennis \(Tennis Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix F – Mga Protokol sa Golf Course \(Golf Course Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix G – Mga Protokol sa Office Worksite](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix H – Mga Protokol sa Restawran \(Restaurant Protocols\)](#) [Binago 3/12/21]

[Appendix I – Mga Protokol sa Hair Salon at Barberya \(Hair Salon and Barbershop Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix J - Mga Protokol ng Mobile na Nagbebenta ng Pagkain \(Mobile Food Vendor Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix K - Mga Protokol ng Pampublikong Swimming Pool \(Public Swimming Pools\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix L - Mga Protokol sa Pasilidad ng Pamilihan \(Grocery Facility Protocols\)](#) [Binago 3/12/21]

[Appendix M – Mga Protokol ng Gym at Fitness Center \(Gym and Fitness Center Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix N – Mga Protokol ng Day Camp \(Day Camp Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix O – Mga Protokol ng Campground at RV Park \(Campground and RV Park Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix P – Mga Protokol ng Museum, Gallery, at Aquarium \(Museum, Gallery, and Aquarium Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix Q – Mga Protokol ng Hotel, Lodging at Panandaliang Paupahan \(Hotels, Lodging and Short-Term Rental Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix R - Mga Protokol ng Produksyon sa Musika, Pelikula, at Telebisyon \(Music, Film, and Television Production Protocols\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix S - Protokol para sa Propesyonal na mga Liga ng Palakasan at Pasilidad – Walang Nanonood \(Protocol for Professional Sports Leagues and Facilities -No Spectators\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix T – Mga Protokol sa mga Kuwarta ng Pagtikim sa mga Pagawaan ng Wine, Beer, at Distillery \(Protocols Wineries, Breweries, and Distilleries Tasting Rooms\)](#) [Binago 3/31/21]

Appendix U – [Sadyang Tinanggal]

[Appendix V – Mga Protokol para sa Personal na Pangangalaga na Establisyemento](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix W – Protokol sa mga Panlibangan na Sports para sa mga Kabataan at Matatanda \(Youth and Adult Recreational Sports Protocol\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix X - \[Sadyang Tinanggal\]](#)

[Appendix Y1 - Mga Protokol para sa mga Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon \(Protocols for Institutes of Higher Education\)](#) [Binago 3/31/21]

[Appendix Y2 – Protokol para sa Plano ng Pamamahala ng COVID-19 na Pagkakalantad para sa mga Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon \(Protocol for COVID-19 Exposure Management Plan for Institutes of Higher Education\)](#)

[Appendix Z - Protokol para sa Mga Programang Nagbibigay ng Pangangalaga sa Pang-araw para sa Mga Batang Pumapasok na sa Paaralan \(Protocol for Programs Providing Day Care for School-Aged Children\)](#) [Binago 3/31/21]